# "KAPIT-BISIG SA HAMON NG PANAHON: ISANG PAG-ALALA"

*by:*
**Jhoenell S. Adan**
*Teacher II, LimayNational High School*

"Sigurado akong hanggang ngayon ay patuloy mo pa ring naririnig ang tawa ng iyong mga kaklase, tinig ng iyong guro at tunog ng kampana. Tiyak akong malinaw pa rin sa iyong isipan ang mga ala-ala tuwing bibili ka ng pagkain sa kantina, pagpila nang maaga tuwing araw ng Lunes upang umawit ng ating pambansang awit na "Lupang Hinirang" at pakikipag-unahan sa paglabas ng paaralan sa tuwing oras ng uwian. Ngunit, ang mga ala-alang ito ay nagmistulang liwanag ng araw na aandap-andap na lamang sa tuwing sasapit ang gabi."

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Dumating ang araw na kinatatakutan ng lahat. Ika-labing lima ng Marso taong dalawang libo at dalawampu (Marso 15, 2020) noong opisyal na i-anunsyo ni Pangulong Duterte ang unang araw kung saan ang mga tao ay hindi na maaaring lumabas ng kanilang mga tahanan: hindi na maaaring mamasyal kasama ang pamilya, magtipon-tipon sa iisang lugar at higit sa lahat, ang lumabas na walang suot na facemask at face shield. Kasabay nito ang pagsasara ng mga gusali na hudyat ng kawalan ng trabaho para sa lahat ng mga Pilipinong manggagawa.

Tunay na ang dating mga daan, establisyimento, parke at maging ang mga simbahan na punong-puno ng mga taong may kanya-kanyang intensyon ay binalot ng nakabibinging katahimikan. Ang tanging maririnig mo lamang ay ang ugong ng mga ambulansya, hinaing ng mga nagtatrabaho at nagbubuwis ng kanilang mga buhay sa hospital at lansangan, at paghihinagpis ng mga pamilyang nawalan ng mahal sa buhay.

Ayon sa Unicef Organization sa ating bansa, ang Pilipinas, ay isa sa limang bansang hindi pa naglulunsad ng personal na pag-aaral ng mga estudyante mula noong

magsimula ang pandemya na siyang nakakaapekto sa karapatan ng dalawampu't pitong milyong (27 milyon) mag-aaral na matuto. Ang institusyon ng Edukasyon sa ating bansa ay nag-anunsyo na mag-enrol sa distance learning modality ang mga estudyanteng Pilipino na nagresulta sa mas matinding mga isyung panlipunan katulad na lamang ng hindi pagkatuto, pagbagsak ng mental na kapasidad, pagtaas ng bilang ng mga estudyanteng pinipiling huminto sa pag-aaral at magtrabaho na lamang, at higit sa lahat, pumasok sa buhay ng pagpapamilya.

Ang Kagawaran ng Edukasyon sa Pilipinas ay naglunsad ng iba't ibang paraan sa kung paano maaaring mag-aral ang isang estudyante sa gitna ng epidemyang ating kinakaharap: ito ay ang blended learning, distance learning at homeschooling. Ayon sa Kagawaran ng Edukasyon, ang blended learning ay tumutukoy sa pinagsamang alin man sa uri ng distance learning tulad ng online distance learning, modular distance learning at TV/Radio-based instruction. Ang distance learning naman ay tumutukoy sa pag-aaral na magaganap na walang pisikal na interaksyon sa pagitan ng mga guro at estudyante. Ito ay pinaka-angkop sa mga independent learner at mag-aaral na may patnubay ng mga magulang o kamag-anak.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Bagaman ang mga paraang ito ay maaaring gawing pantapal sa pagbibigay ng edukasyon sa mga mag-aaral, hindi pa rin natin maitatanggi na maraming estudyante pa rin ang hirap sa ganitong sitwasyon. May mga mag-aaral na walang pangtustos sa kanilang pangangailangan sa araw-araw kaya napipilitan magtrabaho, walang access sa internet, walang sapat na kagamitan katulad ng cellphone o computer, at kaalaman sa kung papaano nila gagamitin ang mga ito.

Sa kabila ng mga hamong ito, nariyan ang mga guro at mga iba't ibang sektor ng komunidad ang nanatiling nakatayo, naninindigan at pilit na umaabot sa mga mag-aaral na walang sapat na kakayahan upang masustentohan ang kanilang pag-aaral. May mga nagbibigay ng tulong pinansyal, bumibisita sa kabundukan maihatid lamang ang mga modyuls, nagbibigay ng load allowance o 'di kaya naman ay patuloy na pagbibigay ng

mga salitang magbibigay motibasyon sa mga mag-aaral upang huwag bumitaw, bagkus ay magpatuloy.

Katuwang ng Kagawaran ng Edukasyon ang Kagawarang Pangkalusugan na sa panahong kasalukuyan ay nagbibigay bakuna sa mga mag-aaral bilang proteksyon upang unti-unting maisulong ang ligtas na balik-eskwela.

Bilang resulta ng mga sakripisyo at pagkakaisa, hindi maitatanggi na maraming estudyante ang nagtagumpay pa rin sa likod ng mga hamon na kanilang ikinaharap sa gitna ng kanilang pag-aaral na siyang muntikang magpatumba at magpaguho sa namamayagpag nilang mga pangarap. May mga mag-aaral mang kapos-palad at hindi sapat ang kinikita ng kanilang mga magulang para sila ay sustetohan, sila ay nakapagtapos ng pag-aaral sa tulong ng mga taong may pusong mapagmahal. May mga estudyante ring nabigyan ng parangal sa iba't ibang larangan: maaring sa sining, pananaliksik at gayundin sa akademya. Ang mga medalya at sertipikong mga ito ay hindi lamang sumisimbolo sa tagumpay na kanilang nakamtan bilang mag-aaral, kundi na rin sa mga taong hindi nagdalawang-isip upang sila ay abutin. Sa panahon na ang katatagan nating lahat ay patuloy na sinusubok, masasabi kong ang kahirapan ay isa sa mga nagiging hadlang upang ang isang mag-aaral ay hindi makapagtapos ng pag-aaral. Ngunit, dahil sa pagkakaisa at pagtutulungan ng bawat mamamayang Pilipino, walang sinuman ang maiiwan bagkus ay sama-sama at sabay-sabay na hahakbang patungo sa entablado upang tanggapin ang diplomang matagal na inaasam-asam.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Katulad ng paglubog ng araw sa tuwing sasapit ang gabi, sigurado akong darating ang bukas na muling sisikat ang araw na siyang magbibigay liwanag at pag-asa sa ating lahat na napapaligiran ng kadiliman. Para sa mga kabataan at Pilipinong mag-aaral na pag-asa ng bayan, kapit-bisig tayong lalaban para sa Pilipinas at kaunlaran.

*References:*

Llego, M. A. (n.d.). DepEd Learning Delivery Modalities for School Year 2021–2022. Teachers PH. Retrieved June 22, 2022, from https://www.teacherph.com/deped-learning-delivery-modalities/

Manila, R. (2020, September 4). Bilang ng mga mag-aaral na nagpa-enroll sa buong bansa, umakyat sa mahigit 24 million ayon sa DepEd. RMN Networks. Retrieved June 22, 2022, from https://rmn.ph/bilang-ng-mga-mag-aaral-na-nagpa-enroll-sa-buong-bansa-umakyat-sa-mahigit-24-million-ayon-sa-deped/

UNICEF. (2020, March 13). UNICEF Philippines statement on COVID-19. UNICEF Philippines. Retrieved June 22, 2022, from https://www.unicef.org/philippines/press-releases/unicef-philippines-statement-covid-19

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan